

APPLICATION

- Ano ang humahadlang sa iyo na magsilbi sa mga mahihirap? Paano ka makapag-sisilbi ng may pagmamahal at awa.
- Ano ang pumipigil sa iyo na maghayag ng Mabuting Balita ng Diyos sa ibang tao? Paano mo magagawang maging handa na ibahagi ang iyong pananampalataya, maging sino man ang taong kausap mo?
- Maglista ng sampung tao na maari mong bahaginan ng ebanghelyo. Ipanalangin na maipangaral mo ang ebanghelyo sa kanila at na magiging handa kang ipaliwanag ang pag-asa sa iyong kaligtasan.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang awa sa atin at sa pagligtas sa atin sa kasamaan. Ipanalangin na maging instrumento ka ng pagpapakita ng Kanyang awa sa ibang tao.
- Hilingin sa Diyos na gamitin Niya ang anumang mayroon ka upang pagsilbihan ang komunidad ng mga mananampalataya at matugunan ang pangangailangan ng iba. Ihayag ang pagtitiwala mo sa Kanya sa pangtustos at pagpapala na iyong kailangan.
- Ipanalangin na hindi ka kailanman uulong sa tuwing may pagkakataon na maihayag mo ang ebanghelyo. Hilingin sa Diyos na gamitin ka bilang Kanyang tagapagbalita para ang ibang tao ay makakilala rin sa Kanya.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



FILIPINO WEEK 2

Pagkaawa

NOTES

WARM-UP

- Ano ang pinakabagong regalo na natanggap mo? Ano ang nagustuhan mo sa regalong ito?
- Kung walang limitasyon ang halaga ng pera mo ngayon, ano ang unang-una mong gagawin? Bakit mo ito gagawin?
- Paano ka tumutugon sa tuwing nakakakita ka ng mahirap na tao? Bakit mo ito ginagawa?

WORD

³²Nagkaisa ang mga mananampalataya sa damdamin at isipan. Itinuturing ng bawat isa na ang kanilang mga ari-arian ay hindi lang para sa kanilang sarili kundi para sa lahat. ³³Patuloy ang paggawa ng mga apostol ng mga kamangha-manghang gawa bilang patunay na ang Panginoong Jesus ay talagang nabuhay muli. At lubusang pinagpala ng Diyos ang lahat ng mga mananampalataya. ³⁴Hindi sila nagkulang sa kanilang pangangailangan . . . **MGA GAWA 4:32-34**

Sa pagdami ng mga tao sa simbahan, ipinakita sa aklat ng Mga Gawa na ang simbahan din ay lumago sa pakikiramay sa isa't -isa, sa pagiging mapagbigay, at sa pagtulong sa komunidad. Ang mga disipulo ay nagka-isa at kanilang ipinamahagi ang anumang mayroon sila. Nagawa nila ito dahil sa kakayanan na ibinigay sa kanila ng Diyos. Dahil dito, walang mahirap o nangangailangan sa kanila. Sa parehong paraan, maaari tayong maging maawain at magsilbi sa mga naghihirap na kasama natin sa komunidad dahil kay Jesus na nasa ating mga buhay. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang maaari nating ibigay upang maipakita sa ating mga gawa ang pagiging maawain.

1 Paglilingkod

¹Nang mga panahong iyon, dumarami na ang mga tagasunod ni Jesus. Nagreklamo ang mga Judiong nagsasalita ng Hebreo. Ito'y sa dahilang hindi nabibigyan ng pang-araw-araw na rasyon ang kanilang mga biyuda. ³Kaya mga kapatid, pumili kayo sa mga kasamahan ninyo ng pitong lalaking may malinis na pangalan, marunong, at puspos ng Banal na Espiritu. Sila ang pamamahalin natin sa mga materyal na tulong.

MGA GAWA 6:1,3

Habang lumalago ang simbahan, alam ng mga apostol na hindi nila dapat pabayaan ang pagsilbi sa mga mahihirap at nangangailangan. Tinuyak nila na ito ay magagawa ng maayos at laging maaasahan, habang ang ebanghelyo ay patuloy na naipahahayag. Paano mo natutunang pagsilbihan ang mga mahihirap at nangangailangan? Alalahanin ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

2 Kayamaman

³⁴Hindi sila nagkulang sa kanilang pangangailangan dahil ipinagbili ng mga may kaya ang kanilang mga lupa't bahay, ³⁵at ang pera'y ibinigay nila sa mga apostol. At ibinigay naman ito ng mga apostol sa bawat isa ayon sa kanilang pangangailangan. **MGA GAWA 4:34,35**

Ang komunidad ng mga mananampalataya ay nagbigay ng kusa at may pagsasakripisyo upang matuguan ang pangangailangan ng bawat isa. Hindi ito hiniling sa kanila ng mga apostol. Sa halip, ito ay piniling gawin ng bawat mananampalataya bilang bunga ng pagmamahal nila. Ibahagi ang isang pagkakataon na ikaw ay tumanggap ng isang pagpapala mula sa iyong komunidad sa simbahan.

3 Ang Mabuting Balita

Pero sinabi ni Pedro sa kanya, "Wala akong pera. Ngunit may ibibigay ako sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Kristo na taga-Nazaret, lumakad ka!"

MGA GAWA 3:6

Nang si Pedro at Juan ay hiningan ng isang pulubi ng pera, sila ay walang maibigay. Sa halip, inihayag nila ang kanyang paggaling sa ngalan ni Jesus. Bagama't maaari nating pagsilbihan ang mga mahihirap at ibahagi sa kanila ang ating yaman, ang pinaka-mainam na paraan ng pagtulong sa kanila ay ang Mabuting Balita ni Jesu-Kristo. Sino ang nagbahagi ng Mabuting Balita sa iyo? Paano ka naging tagasunod ni Jesu-Kristo?